交通TAVA

Tagalog 菲律賓語



Mga Biktima ng Aksidenteng Pang-trapiko Sistema ng Pagtulong

Nagbibigay ng tulong pinansyal sa
mga biktima ng aksidenteng pang-trapiko
o sa mga naulilang pamilya na umaasa sa kanila, sa kaso ng pagkamatay ng biktima

Traffic Accident Victims Assistance Scheme

Provides financial assistance to
road traffic accident victims
or to their surviving dependants in cases of death

意外傷亡援助

September 2014

社會福利署
Social Welfare Department

Layunin

Layunin ng Sistemang ito na makapagbigay ng mabilisang tulong pinansyal sa mga biktima ng aksidenteng pang-trapiko (o sa mga kaanak na umaasa sa kanila, sa kung namatay ang biktima) nang walang karagdagang basehan, anuman ang pangyayaring sanhi na nagdulot ng aksidente.

Ibinibigay ang kabayaran para sa personal na pinsala, samantalang hindi kasama dito ang pinsala o pagkasira sa ari-arian.

Pamantayan ng Aplikasyon

Bawat aplikasyon ay karapat dapat tumutugon sa mga sumusunod na pamantayan:

- Ang aksidente ay kinakailangang naayon sa depinisyong nakasaad sa Ordinansa sa mga Biktima ng Aksidenteng Pang-trapiko (Pondong Pantulong), Kapitulo 229 ng Mga Batas ng Hong Kong, at kailangang naiulat sa Pulis.
- Ang biktima ay namatay sa aksidente; o ang pinsalang natamo ng biktima ay nagdulot ng pagkaka-ospital sa loob ng hindi bababa sa tatlong araw o pagliban nito sa trabaho sanhi ng pagkakasakit (sick leave) at may katibayan mula sa isang rehistradong mediko/rehistradong medikong Intsik.
- Kailangang maipasa ang aplikasyon sa loob ng anim na buwan (tingnan ang paunawa sa ibaba) matapos ang petsa kung saan naganap ang aksidente.
- Ang biktima ay may karapatang manirahan sa Hong Kong o binigyan ng karapatang manatili sa Hong Kong sa ilalim ng Ordinansa ng Imigrasyon, Kapitulo 115 ng Mga Batas ng Hong Kong, at wala siyang nilabag sa limitasyon sa pananatili (kung mayroon man) na nakapataw sa kanya sa panahong naganap ang aksidente.

(Paunawa: Sa kompyutasyon ng anim na buwan, hindi kasama dito ang araw kung kailan naganap ang aksidente. Kung ang huling araw ng takdang panahon ay Sabado, pampublikkong okasyon/bakasyon o araw na may bagyong nakataas sa signal bilang 8 o higit pa, o ipinataw ang signal na Black Rainstorm, ang pagbilang ng takdang panahon ay magsisimula sa susunod na normal na araw ng pagtatrabaho).